**Hunyo 1**

Ang mayroon ng aking mga utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa akin: at ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking ama, at siya'y iibigin ko, at ihahayag ko ang aking sarili sa kaniya. Juan 14:21

NAWA'Y ang matalik na pakikipag-isa at kasama ni Cristo ay magbahagi sa bawat isa sa atin ng higit at higit pa ng kaniyang Espiritu, upang malaman ng mundo na tayo ay naging kasama ni Jesus," at hayaang ang dasal ng bawat isa sa atin ay ganito,

"Panginoong Jesus, gawin mo sa akin ang iyong sarili na buhay na buhay at maliwanag na tunay na tunay! Mas Tunay at talas pa kaysa talas ng paningin ng pananampalataya, kaysa anomang bagay na nakikita sa lupa; mas mahalaga at mas matalik pa kaysa pinakamatamis na kaibigan sa lupa."  Z. '95-75

**Hunyo 2**

Sapagkat aking ipinasyang walang anumang malaman sa gitna ninyo, maliban na si Jesu-Cristo, at siya na ipinako sa Krus. 1 Corinto 2;2

ANG ating obserbasyon sa mga taong nag-lay na sa kanilang sarili, subalit pagkatapos ay naging abala sa ibang usapin sa halip na "ang mabuting balita", at inuubos ang kanilang oras at atensiyon sa mga bagay na iyon, ay magtulak sa atin na payuhan sila na maging masipag at asawahin ang panahon at talento para sa evangelio ng ministeryo at iwanan ang ibang mga usapin o paksa sa iba ngayon gaano man ito kahalaga, at saka na ito pagtuunan ng pansin sa susunod na buhay para sa ating mga sarili; sa darating na panahon kung kailan ang lahat ng kaalaman ay makakamtan na natin. Ang mga ganuong tao, na puede namang umiwas sa ibang mga usapin, ay lumiko mula sa tunay at nag-iisang mabuting balita, at napapansin natin na mabilis na nalihis sa landas o nahahadlangan nang husto sa kanilang direksiyon tungo sa "gantimpala ng mataas na pagtawag". Z. '95-116

**Hunyo 3**

Ang kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian ni Jehova; at ipinakikilala ng kalawakan ang gawa ng kaniyang kamay. Sa araw-araw ay nagbabadya ng pananalita, at sa gabi-gabi ay nagpapakilala ng kaalaman. Walang pananalita o wika man; ang kanilang tinig ay hindi

marinig; subalit ang kanilang awit o tunog (melody) ay lumaganap sa buong lupa, at ang kanilang mga salita ay hanggang sa wakas ng sanglibutan. Awit 19:1-4

ANG maringal na pagtatanghal sa kalangitan sa araw at gabi ay dapat umani ng ating papuri at paghanga, at dapat magpakilos ng ating mga puso upang magsagawa ng banal at sagradong debosyon. Hayaang ang mga tahimik na mga kilos ng mga nilikha sa kalangitan, ang perpekto nilang pagsunod sa banal na batas, at ang mapagpalang pagkislap ng mga hukbo ng langit ay magkintal sa atin ng kapaki-pakinabang na mga aral - ng masigasig na pagkilos ng hindi nagkakagulo o nagpapasikatan; ng perpektong pagsunod sa kalooban niya na gumagawa ng lahat ng mga bagay na maganda, siya na napaka-dunong kaya hindi magkakamalil a t napakabuti kaya walang kasamaan; at sa pagpapahintulot na ang kaluwalhatian ng Panginoon na siyang nagliliwanag sa atin ay sisikat din mula sa atin para makita ng mga nagmamasid. Z. '95-121

**Hunyo 4**

Upang ang pagsubok sa inyong pananampalataya na lalong mahalaga kay sa ginto na nasisira bagama't ito'y sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay masumpungan sa ikapupuri at ikaluluwalhati at ikararangal sa papapakahayag ni Jesucristo. 1 Pedro 1:7

ANG inyong pananampalataya ay nililitis ngayon. Sa mga kalmang araw, sa panahong ang araw ay pabor na sumisikat na maliwanag sa iyo, ikaw ay tahimik pang naglatag ng pundasyon ng kaalaman sa katotohanan, at tinatatag pa lang ang dambuhalang anyo ng Cristianong katangian. Subalit ngayon ikaw ay nasa hurno na upang subukan; kung gayon, ipunin mo ang lahat mong lakas para tumatag, mangawakan sa iyong pag-asa; alalahanin ang mga pangako - sa iyo pa rin ang mga iyon; at "huwag mong itapon ang iyong tiwala na may malaking gantimpala." "Ang pananahimik at ang pag-asa ay magiging iyong lakas." "Ikaw ay magpahinga sa Panginoon at maghintay kang may pagtitiis sa kaniya", at ang pananampalataya ay nagwagi Z. '95-135

**Hunyo 5**

Sa iyo, O Jehova, ako'y humahanap ng kanlungan. Awit 31:1

WALANG ibang magpapahamak sa isang Cristiano sa gitna ng kaniyang mga kaaway kundi ang pagbibitiw niya kahit ilang saglit lamang mula sa kaniyang pagkahawak nang matibay sa

pananampalataya. Sa oras na ginawa niya ito kahit sandali lang, and kadiliman ay lulukob sa kaniya: hindi niya makikita ang maliwanag na mukha ng ating Ama, sapakat "kung walang pananampalataya ay imposible na mapalugdan and Dios", at habang nais niyang kumapit muli sa angkla ng pananampalataya, ang kapangharihan ng kakiliman ay buong lakas na magtatanim sa kaniya ng mga pagdududa at pagdadalawang isip at takot, nakabatay higit sa lahat sa kaniyang kahinaan bilang tao. Iniisip niya na hindi siya karapat-dapat  dahil sa kaniyang mga kahinaan. Hindi niya alam na ang ating mga kahinaan at pagkukulang ay tinatakpan ng balabal ng pagiging matuwid ni Cristo. Kung nais natin na maghari ang kapayapaan sa ating mga puso, hindi tayo kailanman dapat bumitaw sa angkla, "ni magdusa sa pinaka-nakamamatay na pakikipaglaban ni Satanas upang ibagsak ang ating tapang." Ang salawikain ng ating mga puso ay dapat ganito: "Kahit patayin niya ako, ako'y magtitiwala pa rin sa kaniya." Z. '95157

**Hunyo 6**

Ang katakawan, paglalasing at kabalisahan sa buhay na ito ay alisin ninyo sa inyong isip. Mag-ingat kayo at baka bigla kayong abutan ng araw na iyon. Lucas 21:34

MAY malaking gawain ang nasa harapan natin, at kailangan natin ang kahinahunan, pagbabantay at tibay! Ito ay gawain ng buhay, pakikipaglaban sa buhay laban sa makapangyarihang kaaway na nakadikit sa loob ng ating laman. Ang mga kapangyarihan sa labas ay tunay na malalakas, subalit ang tunggalian sa loob natin ay mas katakutan. Kung tayo sa anumang paraan o sukat ay nalasing sa espiritu ng sanglibutan - kung bibigyan natin ng pagkakataon ang sariling kasiyahan, pag-ibig sa kaluwagan, kaaliwan, kaunting pagsangkot sa anumang lumang ugali gaya ng inggit, masamang hangarin, kapalaluan, kahambugan, pagyayabang sa sarili, pagka-lango, mataas na pag-iisip, poot, alitan o mga bagay na tulad nito - kahit kaunti lang, malalantad tayo sa malaking panganib! Z '95-201

**Hunyo 7**

At ang Dios ng buong biyaya na sa inyo'y tumawag sa kaniyang walang hanggang kaluwalhatian kay Cristo, pagkatapos na kayo'y makapagbatang sandaling panahon, ay siya rin ang mapapasakdal, magpapatibay, at magpapalakas sa inyo. 1 Pedro 5:10

MAKAMTAN lamang natin ang minimithing kalagayan na ito sa pamamagitan ng pagtitiis ng kahirapan bilang mga sundalo ni  Cristo, gaya halimbawa ng - perpektong pagpipigil sa sarili

at kakayahang labanan ang masama, isang pananampalatayang matatag, may pagtitiyaga at mabuting ugali, di-matitinag, pahingang nanatili kay Cristo at pag-asa sa pamamagitan ng salita ng kaniyang pangako. Walang duda na ito iyong naranasan ni Pablo habang siya ay tumatanda sa paglilingkod sa maestro, at sana ganito rin sa atin. Hayaang ang bawat lumilipas na mga taon ay makasusumpong sa atin na magiging mas malapit sa maluwating tugatog ng kasakdalan. Z. '95-202

**Hunyo 8**

Ang nagpapabalik-loob ng isang makasalanan, mula sa kamalian ng lakad niya ay magliligtas ng isang kaluluwa sa kamatayan, at magtatakip ng maraming kasalanan. Santiago 5:20

KAPAG nakita natin ang iba na naglalakad sa ipinagbabawal na landas, gaya ng mga makasalanan, hindi tayo susunod sa kanila doon upang matulungan natin silang makalabas; kundi ipakita natin sa kanila ang tamang daan sa pamamagitan ng patuloy na paglalakad natin nito at pagtatawag sa kanila. Kapag nakikita natin na ang ilan ay naguguluhan sa mga doktrina at aral ng tao, na alam naman nating mali talaga, hindi tayo dapat lulusob o mag-usisa sa ganuong mga doktrina upang tulungan silang makaunawa na mali ang mga doktrina upang tulungan silang makaunawa na mali ang doktrinang ito kundi paalalahanan sila na ang pag-aaral sa anomang doktrina na hidi aakma sa pundasyon ay hindi lamang paag-aaksaya ng nakaalay na oras, kundi ang lahat ng pagsasayang ng panahon sa mga doktrinang alam naman nating mali, ay hindi tama at mapanganib, gaya ng panganib ng konsensiya at prinsipyo. Z. '95-203

**Hunyo 9**

Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: ngunit lakasan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan. Juan 16:33

ANG gantimpala sa mga tapat sa Panginoon ay hindi ang pag-aasenso sa mundong ito kundi ang kabaligtaran- ang kakapusan at pag-uusig ay mararanasan, kahit hanggang sa kamatayan..."Siya (Jesus) ay tao sa kalungkutan at dumanas ng paghihinagpis", ang kasiraan at kahihiyan ng mga taong naninira sa Dios ay napunta sa kaniya; bagaman siya'y mayaman, gayon ma'y nagpakadukha dahil sa inyo - sobrang dukha kaya siya nakapagsabi, "may mga lungga ang mga asong gubat, at may mga pugad ang mga ibon sa langit; datapuwat ang anak ng tao ay walang kahiligan ang kaniyang ulo."..."At ang alipin ay hindi mas higit kaysa

kaniyang Panginoon", kung inusig  nila siya ay uusigin din nila tayo. At ang paninira at kahihiyan nila na nanira at nagpahiya sa kaniya ay mapupunta rin sa atin. Ang tangi lamang gantimpala na maaasahan natin ay ang taos pusong kapahayagan ng pag-ibig at pagsang-ayon ng Panginoon. Z '95-207

**Hunyo 10**

Panginoon, turuan mo kaming manalangin. Lucas 11:1

SA maiksi, para tanggapin ng Dios ang ating mga dasal kailangang ito ay nagpapahayag ng may tiwalang pananampalataya, maibiging pagpapahalaga at paggalang, puno ng simpatiya sa banal na plano at pagpapasakop sa banal na kalooban, may tulad-batang pagdedepende sa Dios, may pag-amin sa mga kasalanan at pagkukulang at pagnanais na mapatawad na may kasamang kapakumbabaan, na nauuhaw sa banal na pag-akay at proteksyon. Ang lahat ng ito ay hindi maisaysay ng mga salita, subalit dapat ganito ang saloobin ng kaluluwa.
Z. '95-213

"Ang dasal ay siyang sinserong hangarin ng kaluluwa, ito man ay nasasambit o hindi nahahayag."

**Hunyo 11**

Mga kapatid, hindi ko pa inaaring nakamtan ko na. Filipos 3:13

KUNG iniisip ng sinoman na naabot na niya ang sukdulang espirituwal na kalagayan, mula sa oras na iyon na naisip niya ang ganito, puede niyang markahan ang petsa ng espirituwal niyang pagbagsak. Walang anomang naabot na espirituwal na kalagayan ng sinoman ang masasabi nating sapat na para sa isang sinserong tagasunod ni Cristo na nag-aaral ng mabuti para kopyahin ang perpektong Halimbawa o parisan. Kapag inaalis na natin ang ating mga mata mula kay Cristo ay puede nang isagawa ang pagkabilib sa sarili; dahil kung titingnan natin nang buo ang parisan na si Cristo, ang ating mga kamalian ay laging malalantad. At kapag dahil sa kapalaluan ng puso ay maaalis ang ating paningin sa mga ito, lalo lamang ito makikita ng iba. Saka pa lamang natin matatagpuan ang kasiyahan bilang mga Cristiano kung napagtanto natin ang patuloy na paglago tungo sa pagiging tulad kay Cristo. Z. '95-250

**Hunyo 12**

Isang bagay lamang ang ginawa ko. Filipos 3:13

NAPANSIN natin na isa lamang ang layunin ni Pablo. Ang sabi niya, "isang bagay lamang ang ginawa ko." Hindi niya sinubukang gumawa ng iba pang mga bagay, dahil kung ginawa niya ito tiyak na siya ay mabibigo. Nilaan niya ang kaniyang buhay sa iisang layunin lamang- ang layunin ng pagkatawag sa kaniya, at dahil duon ay inalis na niya ang iba pang ambisyon at tunguhin. Ginawa niya ito bagama't alam niya na sa landas na kaniyang pinili, maisasakripisyo nito ang kaniyang sariling pribadong buhay, ibang mga tungkulin at alam niya na siya ay uusigin at kukutyain. Dahil dito, napalayo siya sa maraming tukso gaya ng pagpapakasarap at mga karangyaan sa buhay. Z. '95-250

**Hunyo 13**

Ako'y masisiyahan pagka bumangon sa iyong wangis. Awit 17:15

"HAYAANG ang ating mga isip na nasa mga pakpak na marilag ay pumailanlang papalayo mula sa walang halagang mga gawain ng panahon, hawiin ang nakaharang na lambong, at makikita mo ang kaluwalhatian ng walang hanggan."

Hayaang mapuno ang ating mga isip at mapasigla ang ating mga puso ng mga bagay na may kinalaman halimbawa tungkol sa: Dios at ni Cristo, sa karapat-dapat na mga banal noong una at ngayon, sa mga mana sa langit, sa mga biyaya ng ating paparating na gawain kasama ni Cristo, sa lawak at kasagraduhan ng banal na plano at sa kaluwalhatian ng ating sama-samang pagtitipon kay Cristo kapag natapos na ang gawain ng kasalukuyang buhay na ito. Karagdagan sa mga pagbubulay bulay na ito, tanggapin din natin ang karagdagang kaaliwan at pagpapala ng personal na pakikiisa at pakikisalamuha sa Dios sa pamamagitan ng dasal at pag-aaral ng salita at pagtitipon-tipon ng ating mga sarili para sa pagsamba at pagpupuri. Z. '95-251

**Hunyo 14**

Sinasaway ng Dios ang mapagmataas, ngunit kinalulugdan niya ang may mababang kalooban. 1 Pedro 5:5

HIGIT sa halos lahat ng bagay mga kapatid, bantayan natin ang kababaang loob. Gagamitin lamang tayo ng Dios kung maliit ang tingin natin sa ating sarili. Gayunpaman, hindi niya pipigilan at hindi niya tayo iingatan mula sa bawat pagsubok
ng katapatan at pagka-masunurin. Kung halimbawa binigyan kayo ng Panginoon ng kaunting parangal sa araw na ito, kaunting pagpuri dahil sa iyong tagumpay sa paglilingkod sa kaniya, tanggapin mo ito ng may kababaang loob, kaamuan, na inaalaala ang iyong pagiging 'di karapat-dapat at kakulangan, at ang tanging dahilan lamang na ito'y ipinagkaloob sa iyo ay dahil sa nagagalak ang Dios na gumawa sa pamamagitan mo; at handa mo ring tanggapin ang mga pagkutya bukas bilang kinakailangan para sa iyong disiplina at tamang pagbalanse ng iyong katangian. Kung ang tagumpay sa nakaraan ay nagpapaligalig sa iyo dahil sa pagkutya ngayon, mag-ingat ka! Hindi ka pa lubos na lumago sa espirituwal, na siyang dapat mo nang natamo ngayon. Z. '96-19

**Hunyo 15**

At ako'y makikipagtipan sa inyo ng walang hanggan, sa makatuwid baga'y ng tunay na mga kaawaan ni David. Isaias 55:3

ANG grupo ng mga taong ginawan ng Dios ng walang hanggang tipan at nagmamay-ari ng "tiyak na kaawaan ni David" ay ang mga ito:

Lahat ng nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, na ang kaluluwa ay nauuhaw sa Dios gaya ng usa na nagmamadaling tumakbo sa sapa, at mga taong pagkatapos makita siya ay nag-alay ng kanilang mga sarili sa kaniya at tinanggap ang pagpapahid ng Espiritu Santo, na nagpapahayag kasama ng kanilang espiritu na sila ay mga anak ng Dios, at bilang mga pinahirang mga anak ay nakasumpong sa kanilang mga sarili ng karapat-dapat na kaugalian ng mga tunay na anak gaya ng katapatan, pagka-masunurin, kasipagan, kalakasan, katapangan, maingat na pagpapasya at iba pa. Z. '96-29

**Hunyo 16**

Lahat ng parusa sa ngayon ay tila man din hindi ikaliligaya kundi ikalulungkot; gayon ma'y pagkatapos ay namumunga ng bungang mapayapa ng katuwiran sa mga nagsipagsanay sa pamamagitan nito. Hebreo 12:11

ILALIM sa ganuong pagdisiplina na ang kaluluwa ay mapalalambot tungo sa maibiging pagpapasakop na kalmadong nagsasabi, magagawa ko ang lahat ng bagay, matitiis ang lahat

ng bagay sa pamamagitan ni Cristo na nagpapatibay sa akin. Habang dahan-dahang nauubos ang masasamang bahagi ng lumang pagkatao at nahahalata na ang paglitaw ng ginto, ang mga mamahaling kaluluwang ito ay lalong napapamahal sa kanilang mapagmahal na Panginoon. Napakamahal sila para sila sa kaniya na sa bawat pasakit siya ay malapit kasama ng kaniyang grasya upang alalayan sila at ang kaniyang presensya ay magpapalakas ng kanilang loob; at ang pinakamalalim na mga anino ng kalungkutan ay magiging kabanal-banalang lugar ng kapahingahan, kung saan ang bituin sa araw ay nagniningning nang higit sa lahat. Z. '96-44

**Hunyo 17**

Ngunit sino ang makatatahan sa araw ng kaniyang pagparito? At sino ang tatayo pagka siya ay pakikita? Sapagka't siya'y parang apoy ng mangdadalisay...at siya'y mauupong gaya ng mangingintab at mangdadalisay ng pilak. Malakias 3:2,3

ANG DAKILANG tagapag-dalisay ay nagmamasid upang makita kung paano ang metal na salamin ng ating ugali ay naglalarawan ng kaniyang wangis. O, sa madaling salita, sa bawat pagsubok ay nagmamasid siya kung ano ang mga impluwensya na nagpapagalaw sa ating mga kilos, maging ang mga ito ba ay impluwensya ng kasalukuyang kapakinabangan, o pamamalakad ng sanglibutan, o ng personal na kaibigan, o ng mga makamundong pag-ibig - ng asawang lalaki, o asawang babae, o ng mga anak, o ng pag-ibig sa kaluwagan, o ng pag-ibig sa kapayapaan anoman ang kapalit nito; o maaaring sa kabilang banda tayo ay pinakikilos ng payak na mga prinsipyo ng katotohanan at katwiran; at kung idepensa ba natin ang mga prinsipyo na ito na may kasipagan at lakas, anomang kapalit gaya ng pagpapagod o pagdurusa, o alin man sa dalawa, at sa ganuon, ipaglaban ang pananampalataya nang mabuting pakikipaglaban hanggang sa mapait na wakas- kahit sa kamatayan.
Z. '96-45

**Hunyo 18**

Nasa iyong harapan ang kapuspusan ng kagalakan; sa iyong kanan ay may mga kasayahan magpakailanman. Awit 16:11

SA presensya ng Panginoon ay puno ng kagalakan saan man tayo naroroon. Paunlarin natin ang pagkakilala sa Panginoon ng higit, lumapit sa kaniya sa panalangin, sa pag-aaral ng kaniyang mahalagang salita, sa pagbubulaybulay ng lahat niyang kabutihan, sa kaniyang mapagpalang pagkalinga, sa klarong kapahayagan ng kaniyang pagpapala sa indibidwal nating

karanasan, at sa kaniyang mga mahahalagang pangako na lahat ay "oo" at "amen" kay Cristo Jesus. Kaya "lumapit kayo sa Dios, at siya ay lalapit sa inyo." (Santiago 4:8) Ihahayag niya ang kaniyang sarili sa iyo at mananahan sa iyo.

Tunay na kalooban ng Dios na ang kaniyang mga anak ay dapat maging masaya sa kaniya, na sila ay dapat laging magalak; at kapag may taong kulang sa kaniyang biyaya, ang taong ito ay nabubuhay na hindi napapakinabangan ang kaniyang pribilehiyo. Z. '96-54

**Hunyo 19**

Liwanag (katotohanan) ang itanim na ukol sa mga matuwid, at kasayahan (kasayahan sa katotohanan) ay sa may matuwid na puso. Awit 97:11

ANG tunay na mga anak ng Dios ay umiibig sa katotohanan dahil mayroon silang hilig nito... pagkatapos nilang matagpuan ang katotohanan, napagtanto nila ang halaga nito...sabi nila, para itong Dios: ito ay kapahayagan ng kaniyang maluwalhating kabutihan, ang larawan ng kaniyang maibigin, maawain, matalino at matuwid na katangian. At dahil dito ay minahal nila ang katotohanan...at ang Dios na nagbigay nito; iniingatan nila ito sa kanilang mga puso at pinag-aaralan ito ng mabuti ng paulit-ulit; at habang pinagmamasdan nila Ito, at humahanga sa lahat ng sukat at kagandahan nito, sinisikap nilang lalo na maiahon ang sarili nilang mga katangian sa parehong linya ng kagandahan at sinisikap itong ibahagi sa iba sa pamamagitan ng salita, at ugali, upang sila din ay mabiyayaan nito. Z. '96-55

**Hunyo 20**

Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pag-ibig ng Ama
1 Juan 2:15

PARA makisalamuha sa mundo, lalakad ka alinsunod sa mga kaisipan nito at makikiayon ka sa kaniyang mga daan. Sa puntong ito ay hindi na natin maaaring mahalin ito. Ang daan Kung ganun na itinuturo sa atin, at sa ibang kaparaanan kahit papaano, ay mahirap na daan, at malungkot na daan, subalit ito lamang ang tanging daan ng kapayapaan at kaligayahan. Ang mundong ito at mga hilig nito ay mabilis na lumilipas; ito ay walang kabuluhan at hindi nakasisiya at sa bandang huli ay aakay patungo sa sakuna at pagkagiba; subalit yaong mga

nagagalak sa daan ng Panginoon ay mayroong pinagpalang pakikiisa at pakikisalamuha sa kaniya. Ang kanilang kagalakan ay nagmumula sa bukal na hindi mauunawaan ng sanglibutan. Sila ay naninirahan sa mataas na baitang o antas, lumalanghap ng hangin mula sa malinis na kapaligaran at nagtatamasa ng mas banal, mas matamis na pakikipag-kaibigan na hindi maibigay ng mundo. Z. '96-97

**Hunyo 21**

Mag-aral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso. Mateo 11:29

ANG totoo, ang sikreto ng kapahingahan ay nasa maamo at tahimik na espiritu. Upang maging maamo, dapat mong linangin ang mga grasya ng pagkamatiisin; ng maibiging pagpapasakop sa kalooban ng Dios; ng matibay na tiwala sa kaniyang pag-ibig at pagkalinga at ang katalinuhan ng kaniyang umaakay na mga payo at nananaig na mga pagkalinga; at ang matiising pagsasagawa ng gawang ito sa kabila ng masama o mabuting ulat, o sa paborableng mga kalagayan.

Hayaang ang minamahal na mga anak ng Dios ay magsumikap na kopyahin ang kaamuan ni Cristo at ang kaniyang tahimik na espiritu, na tinatanggap ang mga pagkalinga ng Dios at sinusunod ang kaniyang mga panuntunan at pangunguna gaya ng ginagawa niya, na nasangkapan ng lakas na s'ya lamang ang makapagbibigay, at kalooban sa sinomang magpasan ng kaniyang pamatok, at mag-aral sa kaniya. Z. '96-79

**Hunyo 22**

Hinahanap ito sa mga katiwala, na ang isang tao ay masumpungang tapat...ang bawat tao ayon sa iba't-iba niyang kakayahan. 1 Corinto 4:2; Mateo 25:15

ANG "mina" bilang katulad sa lahat, ay akmang kumakatawan sa pagpapalang banal na grasya na karaniwan na sa lahat ng mga lingkod ng Dios- 'yan ang pagturing o pagpapalagay sa atin ng Dios na matuwid. Sa diretsong pananalita, itinuturing tayong matuwid sa paningin ng Dios bagama't wala naman talagang matuwid sa atin ni isa. Ang ibang mga ipinagkaloob na mina ay naiiba sa dami ayon sa natural nating mga oportinidad, at karaniwan nang nagmumula sa Ama, - halimbawa, ay ang salita ng Espiritu Santo. Ang "pagturing" sa atin na matuwid bagama't plinano ng Ama ito ay regalo Mula Kay Jesus, sapagka't siya ang nagbayad para nito ng kaniyang mahal na dugo. Ang isang "mina” ng bawat isa ay inilagay lahat sa isang Kumon na

katayuan bilang sila ay mga katanggap-tanggap na alipin at pinayagan ang bawat isa na ipamalas ang kaniyang kasipagan sa pamamagitan ng kaniyang mga pagsasakripisyo. Subalit ang mga "talento" na ipinamahagi  ayon sa abilidad ng bawat tao, ay kumakatawan sa mga pagkakataon ng paglilingkod sa Dios ayon sa mga abilidad na ating tinataglay. Ang mga ito man ay talento ng edukasyon, o pera, o impluwensiya, o mabuting kalusugan, o panahon, o taktika, o sobrang katalinuhan, na may kasamang mga oportinidad na magagamit sa paglilingkod sa Dios. Z. '07-63

**Hunyo 23**

At ang nahasik sa mabuting lupa, ay siyang dumirinig, at nakauunawa ng salita; na siyang katotohanang nagbubunga, ang ila'y tig-isang daan, ang ila'y tig-aanim na pu, at ang ila'y tigtatatlongpu. Mateo 13:23

ANG iba't- ibang sukat o resulta- ang tatlongpu, animnapu, at isang daan, o ang sampung mina at ang lima ay nagpapakita ng pagkakaiba ng mga hadlang na kailangang pagtagumpayan at iba pang mga dahilan. Hindi natin masasabi na ang iba ay kulang sa katapatan ng paggamit ng grasya. Halimbawa na lamamg, ang iba ay maaaring nagtatrabaho nang mahabang oras at masipag sa gawain ng Panginoon subalit maliit lamang ang resulta habang ang kaparehong sukat ng pagsisikap ng iba na may mas desedidong kalooban at mas nagpapatuloy ay maaaring mag-aani ng malaking bagay. Ang iba na marahil ay nadudulas at paminsanminsan ay umaatras, na nakakabalik naman, ay nasayang ang oras at oportinidad, at ang mga oras at oportinidad na Ito ay hinding-hindi na maibabalik, bagama't sila ay pinatawad na at maluwag sa kalooban na ibinalik na muli sa banal na pabor, at pagkatapos ay tumatakbong may kasipagan at pagtitiis hanggang wakas. Z. '96-99

**Hunyo 24**

At Kung mga anak, ay mga tagapagmana nga; mga tagapagmana ng Dios, at mga kasamang tagapagmana ni Cristo; kung gayon nga makipagtiis tayo sa kaniya, upang tayo'y luwalhatiin namang kasama niya. Roma 8:17

SA PAGBABASA sa plano ng Dios para sa atin, sa liwanag ng kaniyang kalooban na nakikita rin natin na dinanas ng ating Maestro bilang pinaka-halimbawa, mauunawaan natin kaagad na hindi niya layunin na ilayo tayo sa lahat o sa anomang kirot o hapdi at mga pagsubok at

kahirapan, at dalhin na lamang tayo na matagumpay sa kaluwalhatian sa mga higaan na may mga bulaklak nang walang kahirap-hirap. Sa kabaligtaran, tunay na mga daan nga ng pagtitiis ang lalakaran natin kung nais nating sumunod sa mga yapak niya - Siyang inihanda ng Dios hindi lamang bilang kabayaran ng mga kasalanan ng buong mundo, kundi isa ring pamarisan sa Iglesia na siyang kaniyang katawan. Ito ang natutunan natin sa plano ng Dios at ito ay agarang magtuturo sa atin na hindi natin dapat asahan at huwag tayong humingi ng kalayaan mula sa hapdi at kahirapan, dahil ang mga Ito ay sinadya niya bilang ang daan tungo sa kaluwalhatian. Z. '96-151

**Hunyo 25**

Manatili kayong palagi sa pananalangin, na kayo'y mangagpuyat na may pasasalamat. Colosas 4:2

ANG bawat pagsubok sa pananampalataya at pagtitiis ay isang okasyon upang manalangin para sa ipinangakong tulong o saklolo. Ang bawat maranasang kabiguan ay dapat ituring natin bilang isang tagumpay, at okasyon upang manalangin para sa kapatawaran, at ganun din para sa banal na pagpapala; upang ang aral na makukuha natin mula sa sarili nating kahinaan ay maikintal nang malalim sa atin upang sa susunod na kahawig na pagsubok ay maikapit natin kaagad ang ating natutunan at mapanghawakan ang ipinangakong "ang grasya ang tutulong." Ang bawat tagumpay laban sa sarili ay panahon para manalangin upang tayo ay hindi magkaroon ng mataas na pag-iisip at yumabang, kundi manatiling mapagpakumbaba at mapagbantay sa susunod na pagsalakay mula sa dakilang kaaway. Ang bawat paglilingkod sa katotohanan ay nagiging okasyon upang manalangin para sa pribelihiyo ng paglilingkod sa dakilang hari; at marahil dahil sa nagtiis tayo ng mga bagay para sa kaniyang gawain, at dahilan upang magsumamo para sa karagdagan pang mga oportunidad sa paglilingkod at grasya para gamitin sila nang may katalinuhan. Z. '96-163

**Hunyo 26**

Kaya nga, mga banal na kapatid, kayong kabahagi sa tawag na makalangit, magtuon kayo ng inyong pag-iisip kay Jesus na siyang apostol at pinakapunong-saserdote na aming ipinahahayag. Hebreo 3:1

KALOOBAN ng Dios na ang lahat ng mga kasapi ng katawan ni Cristo ay makadama ng pagkaawa sa mga sakit ng sanglibutan, upang pagdating ng panahon na sila ay maitataas na sa kaharian, sila ay magiging mabait at maawain, marunong umunawa at mapagparaya, sa panahong sila ay maghuhukom na sa mundo bilang mga maharlikang sacerdote. Ang ating Panginoon at guro, na hindi nagkakasala kahit kailan, at walang mga kahinaan gaya ng sa lahing makasalanan, ay kailangang makasaksi at makadama ng ating mga kahinaan bilang mga tao upang siya ay maging tapat na punong sacerdote. Hindi naman makatotohanan at makatuwiran na hindi natin kailangan ang ganitong mga karanasan bilang paghahanda sa atin sa ating gagawing mga katungkulan bilang pumapangalawa lamang sa pagkahari ni Cristo. Z. '96-208

**Hunyo 27**

Ngayon, siya na nagpapatibay sa amin na kasama ninyo kay Cristo, at nagpahid sa atin, ay ang Dios, na siyang nagtatak naman sa atin. 1 Corinto 1:21, 22

ANG selyo o tatak ng bagong nilalang ay ang pagkakaroon ng Espiritu ni Cristo. Ang makikitang palatandaan ng kaniyang Espiritu Santo kung ito ba ay gumagalaw sa mga taong naging bagong nilalang ay nahahati sa tatlo, (1) Siya ay may pinakamataas na pag-ibig sa Dios at may galak na katapatan sa kaniyang gawain maging ito man ay hahantong sa pagdurusa. (2) Ang kaniyang pag-ibig sa kapatiran ay hindi makasarili, kundi marangal, dalisay, hangad niya ang kanilang kapakanan, na laging naka antabay para gawan sila ng mabuti. (3) Siya ay may pag-ibig, pag-unawa sa sanglibutan, na nagtutulak na gawin ang mabubuting gawa, kapag ibinibigay ng pagkakataon, at isang hangarin at pasisikap na mamuhay nang mapayapa kasama ng lahat ng tao. Z. '96-212

**Hunyo 28**

Huwag kang magpakapantas sa iyong sariling mga mata; matakot ka sa Panginoon, at humiwalay ka sa kasamaan. Kawikaan 3:7

WALANG mas mapanganib pa bilang isang anak ng Dios kaysa pagmamagaling sa sarili: hinaharangan nito ang daan tungo sa tunay na pag-unlad at pagbabago ng puso, at hinahadlangan ang tunay na pakinabang na magagawa mo sa iba, at lalong-lalo na ang

pakinabang ng iyong paglilingkod sa Dios; sapagkat ang kaniyang salita ay nagsasabi, "tinututulan ng Dios ang mga palalo, subalit nagpapakita siya ng pabor sa mga mapagpakumbaba." Sa halip na tiwala sa sarili, dinidikta ng karunungan ang di-pagtitiwala sa sarili; naaalala nito ang kaniyang mga kahinaan at di-kasakdalan, at katapat nito ay ang dakilang paggalang sa Dios at pagtitiwala sa kaniya, na higit sa anomang bagay ay magpapalakas at magpapangyari sa atin para iwanan ang kasamaan ng nahulog nating kalagayan. Z. '96-263

**Hunyo 29**

Mapapalad ang mga may pusong dalisay sapagkat makikita nila ang Dios. Mateo 5:8

ANG ibig sabihin ng "dalisay na puso" ay hindi ang pagiging perpekto ng ugali, ni salita, ni pag-iisip, kundi ang pagkaperpekto ng intensiyon may kinalaman sa lahat ng mga ito. Ang ating hangarin at pagsisikap ay para sa pagiging perpekto - sa isip, salita at gawa. Ang pamantayan na nasa harap natin, na siyang loloobin at sasang-ayunan ng ating mga puso ay ang banal na pamantayan, "maging perpekto kayo, gaya ng iyong amang nasa langit na perpekto. (Mateo 5:48) Hindi nagtatag ang Diosn ng mas mababang pamantayan kundi ang buong pagkaperpekto, ngunit naglaan siya sa atin ng grasya, awa at kapayapaan sa pamamagitan ni Cristo, kung tayo ay lalakad sa kaniyang mga yapak,-- ang kadalisayan ng puso ay isa sa pangunahing mga hakbang sa makipot na daan. Z. '00-71

**Hunyo 30**

Sa panahon ng pag-aani, sasabihin ko sa mga mang-aani, ipunin ninyo ang mga trigo sa aking kamalig. Mateo 13:30

ANG panahon ay maigsi, ang gawaing pag-aani ay malawak; kakaunti lamang ang manggagawa; ang ating panahon ay nakaalay; tayo ay magtrabaho habang may araw pa, yamang alam natin na pagdating ng gabi ay wala ng taong makakapagtabaho. Inalay natin ang ating mga buhay kahit hanggang sa kamatayan. Tayo ay inatasan ng dakilang Panginon ng pag-aani na humanap ng tunay na "trigo" at ipunin sila sa kaniyang kamalig. May mga panahon pa ba tayo sa mga bagay na kalokohan lamang o kamunduhan lamang o sa mga pakikipagsosyalan? Sa halip, dapat masisiyahan na tayo sa ating sarli sa pagbibigay ng kaunting atensyon lamang sa mga bagay na ito, at magpatuloy sa unahan, nasa puso ang

pakikisali sa gawan ng ibinigay sa atin na dapat gawin, kung nais natin ang pagsang-ayon ng ating Maestro na nagsasabing, "Ginawa mong mainam, mabuti at tapat na alipin. Z. '00-234